# Joy B suportado ng commuters group

Nagpahayag ng matinding pagsuporta ang Lawyers for Commuters Safety and Protection (LCSP) sa kandidatura ni QC Vice Mayor Joy Belmonte bilang alkalde ng lungsod sa nalalapit ng May 2019 midterm elections.

Ayon kay Atty. Ariel Inton, founding president ng LCSP, suportado ng samahan si Belmonte para maihalal na bagong Mayor ng QC dahil bukod tangi itong may malinaw na programa sa transport issue at commuters rights.

"Isa na dapat sa pinaghahandaan ng maihahalal na Mayor ng Quezon City ay ang traffic at transport issues. At dito malaki ang kalamangan ni Vice Mayor Joy Belmonte. Tanging si Joy lamang ang may preparasyon at malinaw na plano para sa transport at traffic programs sa lungsod," pahayag ni Inton.

Sinabi ni Inton na ang mga katunggali ni Belmonte ay ni minsan ay hindi naringgan ng plataporma ukol sa mahalagang isyu sa transportasyon.

Una na aniya ang pagpasa ng QC Council sa pangunguna ni Belmonte sa kauna-unahang Local Transport Board ng isang lokal na pamahalaan na iniakda ni QC 2nd District Councilor Toto Medalla noong panahong pinag-iisipan pa ng DOTr ang pagbabalangkas ng koordinasyon sa lokal at national pagdating sa transport issues.

Sinabi rin ni Inton na sa pangunguna ni Belmonte ay naipasa rin ang isang mahalagang resolution na pag-aralan na ang mga provincial bus terminals at mailabas sa Metro Manila nang sa ganun ay hindi nahihirapan ang mga mananakay at makatulong na rin sa pagluwag ng daloy ng trapiko.

Anya, bago pa man naisip ng MMDA na i-relocate ang mga provincial bus terminals ay ipinasa na ng QC Council ang isang mahalagang resolution sa usapin ng mga tricycles.

Sa usapin naman ng transport, commuters' rights and traffic conditions, tanging si Joy Belmonte lang aniya ang may malinaw na programa tungkol dito. Kaya't ang LCSP ay buong puso na sumusuporta kay Joy Belmonte, ayon pa kay Inton. *(Angie dela Cruz)*